# Uri ng Samahan na Negosyo

Ang lathalang ito ay nagbibigay ng maikling paglalarawan ng apat na uri ng negosyo at ilang bentahe at disbentahe ng bawat isa.

Ayon sa batas, mayroong apat na paraan upang  magtagtag ng negosyo:

1.Nag-iisang May-ari;
2. Pagka-kasosyo;
3. Korporasyon; o kaya
4. Kooperatiba.
5. Bentahe at disbentahe ng bawat uri ng Samahang Negosyo.

Isang maikling paglarawan ng bawat uri ay sinusundan ng isang buod ng kanilang bentahe at disbentahe:

**1. Nag-iisang May-ari**

Ito ang pangkaraniwan at  pinakapayak na paraan ng pagtatatag ng negosyo. Ang isang may-ari ang ganap na mananagot ng lahat ng utang at obligasyon kaugnay sa kanilang negosyo. Ang isang nagpapautang na may reklamo laban sa nag-iisang may-ari ay kalimitang mayroong karapatan sa lahat ng pag-aari nila,kahit na negosyo o personal. Ito ang tinatawag na walang limitadong pananagutan.

Kung ang may-ari ay pumili na dalhin ang kanyang negosyo sa ilalim ng ibang pangalan, kailangan nilang ipatala sa Ministry of Government and Consumer Services sa ilalim ng Business Names Act( kung ang may-ari ay natagtag  ng negosyo sa kanyang pangalan lamang at hindi dinagdagan ng iba pang salita ,hindi ito kailangan ipatala). Ang pangalan ng negosyo ay may-bisa ng limang taon pagkatapos ay uulitin ang pag-papatala.

Paunawa: Ang pag-papatala ng pangalan ng negosyo ay hindi nangangahulagang makakatiyak ang tanging paggamit ng pangalan sa Ontario para sa mga indibidual na nag-papatala. Walang pananagutan ang MGCS na iwasan ang pagka-duplikado ng pangalan o magpayo sa sinuman na mayroon ng iba nag-patala ng pangalang iyon.

Upang hanapin ang Ontario Business Connects workstation malapit sa iyo, tumawag sa **416-314-9151 o kaya sa 1-800-565-1921.**

**2. Partnership-(Pag-Kasosyo)**

Ang kasunduan ng pagka-kasosyo ay pag-uugnay nababatay sa kasunduan ng dalawa o ilang katao upang magnegosyo sa pagsasama ng kanilang puhunan. Upang malinaw na matatag ang pananalita ng negosyo at alagaan ang kasosyo/istakholder kung mayroong pangyayari ng di-pakipagkasundo o disolusyon ng negosyo, kailangan

magbuo ng kasunduan ang kasosyo/istakholder, kalimitan sa tulong ng isang abogado.Kabahagi ng kinita ang kasosyo ayon sa tema ng kanilang kasunduan.

### i. Panlahat na Kasosyo

Lahat ng kasapi ay kabahagi sa pamamahala ng negosyo at bawat isa ay may pansiriling pananagutan sa lahat ng utang at obligasyon ng negosyo. Ang ibig sabihin nito, ang bawat kasosyo ay mananagot at kailangang pasanin ang bunga ng aksiyon ng ibang kasosyo. Ang pangalan at mahalagang impormasyon ng lahat ng kasosyo ay kailangan irehistro/itala sa Ministry of Government and Consumer Services.Ang pag-papatala ay inu-ulit bawat limang taon.

### ii. Limitadong Pag-Kasosyo

Ilang kasapi ay general partner na nagkokontrol at mamamahala ng negosyo at maaring bigyan ng mas malaking bahagi ng kinita,habang ang ibang kasosyo ay limitado at nag-bibigay lamang ng kapital at hindi kasali sa pagkontrol o pamamahala at mananagot lamang sa partikula na utang. Isang legal document na naglalahad ng partikular na pangagailangan, ay dapat isulat para isang limitadong pagka-kosyo. Ang Limitadong Pag-Kasosyo ay itatala rin sa Ministry of Government and Consumer Services sa Ontario. Ang uri ng samahang negosyong ito ay kailangang magpanibago bawat limang taon.

## 3. Korporasyon

Ang isang korporasyon ay legal na entidad na bukod ang pagkatao sa kanilang may-ari, o istakholder. Walang kasosyo ng korporasyon ay may pansariling pananagutan ng utang,obligasyon o akto ng korporasyon.Ang mga direktor, opisyal at tagaloob ay maaring magdala ng ilang pananagutan sa kanilang pagsangkot sa korporasyon. Ang pagtatatag ng korporasyon ay maaring sa federal o probinsyal.
Ang korporasyon ay makikilala sa termino ng “Limited”,”Ltd”, “Incorporated’, “Inc.”, “Corporation”, o kaya “Corp.” Anuman ang katawagan, kailangan itong makita sa lahat ng lathala, papeleriya, atbp, ng inkorporasyon.

### i. Pribadong Korporasyon

Ang isang pribadong korporasyon ay maaring itagtag ng isa o higit pang katao. Ang karamihan ng kanilang director ay kailangan residente ng Canada (naninirahan). Kung walang sinumang director na naninirahan sa probinsya na gumagawa ng negosyo, Dapat magnombra ang korporasyon ng isang Power of Attorney na nakatira sa probinsyang iyon. Ang pribadong korporasyon ay hind maaring magbenta ang shares o securities sa panlahat na publiko.

### ii. Korporasyong Publiko

Pankaraniwan, ang isang “korporasyong publiko” ay nag-aalok ng mga pananagutan sa publiko.Kung sakali na nais ng kumpanya na ipalaganap ang pananagutan sa publiko na nasa Ontario,kailangang sundin at hiningi ng pahayag na makikita sa Ontario Securities Act,maliban kung mayroon angkop na pinalibre.

### iii. Korporasyong Probinsyal

Ang pribadong at publikong korporasyon ay maaring ma-inkorpora sa probinsya sa opisina ng Ministry of Government and Consumer Services Business Corporations Act (BCA)

Kung ikaw ay may planong mag-inkorpora ng negosyo sa Ontario,kailangan mong magharap ng dokumento na sumusunod sa Companies and Personal Security Branch, ginagamit sa isang dalawang paraan, pormang papeles o elektronikal sa pamamagitan ng Internet:

- ang Articles of Incorporation (Form 1 para sa BCA),duplikado at mayroong orihinal na pirma sa parehong kopya;(Dapat na lahat ng negosyong korporasyon ay mayroong sosyo(shares). Kaya ,ang pormang Article 6 ay dapat makumpleto, e.g. “unlimited common shares”);
- isang Newly Upgraded Automated Name Search (NUANS)report.Ito ay kompyuter report na laman ay pangalan ng korporasyon, pangalan ng negosyo at trademark an irehistro na at kapareho ng mungkahing pangalan ng korporasyon. Maaring gawin ang NUANS ng isang searcher of record o ng Cyberbahn Inc.,Dye &Durham, isang dibisyon ng The Cartwright Group Ltd at ONCorp Direct Inc,ang lahat na panghuling tatlo ay Service Providers, na mayroon kontrata sa MGCS. Tumawag sa nais mong provider para sa impormasyon tungkol sa bayad para sa isang NUANS. Hindi kailangan ang NUANS kung mag-inkorpora ng numerong kumpanya;
- isang takip-sulat,pinakikilala ang pangalan,balik na tirahan at numero ng telepono na kontak para sa korporasyon;
- ang bayad na $300, para papeles na magharap ( ilagay sa Minister of Finance) o bayad na $300 kung electronic filing(Paunawa:ang paraang Electronic filing ng Articles of Incorporation,BCA form 1,ay maaring makuha sa tatlong pangunahing service providers na may kontrata sa MGCS; Cyberbahn Inc.,Dye & Durham, A Division of the Cartwright Groupt Ltd. O ONCorp Direct Inc. Magtanong sa iyong service provider para sa dagdag na bayad para sa administrasyon.
- ibang tumutulong na dokumento, kung kailangan( halimbawa: Legal opinion).

### iv. Federal Korporasyon

Ang mga negosyo ay maaring ma-inkorpora bilang pribado o publiko sa ilalim ng batas na federal Canada Business Corporations Act. Ang korporasyon na na-inkorpora sa ilalim ng batas na ito ay maaring magpapalakad ng negosyo kahit saan man sa loob ng Canada ,ngunit maari nilang sabihin na magpatala o kumuha ng

lisensiya sa probinsya ng kanilang negosyo.Ang na-inkoporang korporsyong ganito na may nais gumawa ng negosyo sa Ontario ay dapat tumawag sa Companies and Personal Property Security Branch sa ( 416) 314-8880 o sa 1-800-361-3223 para sa dagdag na impormasyong.

Sino mang may nais magtatag ng isang korporasyon sa ilalim ng batas na ito ay kailangan magpadala ng paunang bayad. Ang sumusunod na dokumento at halaga ang kailangan:

- Form 1 – Artikulo ng Inkorporasyon;
- Form 3 – Notisya ng Rehistradong Opisina;
- Form 6 – Notisya ng Direktors;
- Federal NUANS report (orihinal),hindi lalampas ng 90 araw. Ang paghahanap ng NUANS ay maaring gawin online, o ng isang search of record. Tawagan ang iyong napiling provider para sa impormasyon tungkol bayad ng isang NUANS.(Paunawa: hindi kailangan ang NUANS search kung nagpapadla ng paunang bayad ng numerong korporasyon).
- Filing fee na $250 ibayad sa Receiver General for Canada.(Paunawa: Para sa transaksyon na kumpleto sa online, ang bayad ay $200).

## 4. Kooperatiba

Ang kooperatiba ay isang korporasyong tinatag ng mga tao na may katulad ng pangagailangan ang maglaan sa kanilang kalakal o serbisyo, o gumawa ng pagkasamang gamit ng kagamitan upang mapalaki ang kanilang kikitain. Ang pagtatayo ng kanilang negosyo  ay nagsisiguro na:

- Lahat ng  kasapi ay kapantay na magsalita( isang boto bawat kasapi, kahit ilan ang bilang ng kanilang parte);
- Bukas sa lahat at kusang-loob;
- Limitadong interes sa sosyong kapital;
- Ang labis ay ibabalik sa kasapi ayon sa halaga ng pagtangkilik.

Hindi kailangan inkorpora bilang kooperatiba para paandarin ang negosyo ng sama-sama at tulungan. Ngunit, labag sa batas sa Ontario ang paggamit ng salitang “co-operative” na may-kaugnay sa isang samahan kung hindi na inkorpora ng pangkat sa ilalim ng Co-operative Corporation Act.

### Ontario Ko-operatiba

Ang Ontario ko-operatiba ay rehistrado ng Financial Services Commission of Ontario, Licensing ang Enforcement Division ng Ontario Ministry of Revenue (MOF). Ang bayad ng pag-inkorpora ng walang-kitang ko-operatiba ay $155, ang bayad para inkorpora ang ibang uri ng ko-operatiba ay $335.

**Federal Ko-operatiba**

Ang federal ko-operatiba ay nasa ilalim ng Canada Cooperative Act. Ang federal ko-operatiba ay napatala sa Corporations Directorate of Industry Canada. Ang bayad ngayon ay $200  para gagamitin ang online at $250 para sa ibang paraan.
.

## 5. Bentahe at disbentahe ng bawat Porma na Organisasyon ng Negosyo

### 1. Nag-iisang May-ari

| Bentahe | Disbentahe |
|---|---|
| • Madali ang pagtatatag<br>• Mababang gastos sa pagsisimula<br>• Kakaunting papeles para sa administrasyon hindi katulad ng ibang uri ng samahan kung wala ang may-ari (gaya ng inkorporasyon)<br>• Kontrolado ng may-ari ang pagpapasiya<br>• Kaunti ang kailangang kapital sa pagtakbo Ng negosyo<br>• Bentahe sa pag-buwis<br>• Lahat ng kita ay napupunta sa may-ari | • walang limitadong pananagutan<br>• mahirap mangalap ng puhunan<br>• kulang ang pagpapatuloy ng negosyo |

### 2. Pagka-sosyo

| Bentahe | Disbentahe |
|---|---|
| • Madali ang pagtatatag<br>• Mababang gastos sa pagsisimula<br>• Dagdag na pagmumulan ng puhunan<br>• Malawak na puno ng namamahala | • walang limitadong pananagutan (para sa general partner)<br>• kulang ang pagpapatuloy<br>• hati-hati ang otoridad sa capital<br>• mahirap humanap ng angkop na kaparte<br>• Maaring pagmulan ng salungatan sa pagitan ng kaparte |

### 3. Korporasyon

| Bentahe | Disbentahe |
|---|---|
| • limitadong pananagutan<br>• espesyalistang pamamalakad<br>• maililipat ang pagmamay-ari<br>• walang-patid na pananatili<br>• mas madaling maghanap ng kapital | • masusing pamamalakad<br>• pinakamagastos ng porma na itatag<br>• paghihigpit dahil sa kartilya<br>• malawak na pagtatago ng talaan |

### 4. Ko-operatiba

| Bentahe | Disbentahe |
|---|---|
| • pag-aari at kontrolado ng mga kasapi<br>• kontrol na demokratika:isang kasapi,isang boto<br>• limitadong pananagutan<br>• pamamahagi ng kita (surplus earnings) sa kasapi ayon sa paggamit ng serbisyo ang surplus ay maaring ipamahagi sa pananagutan o salapi | • matagal na paraan na magpasiya<br>• dapat makisali ang kasapi para<br>• malawak na pagtatago ng talaan<br>• kaunti ang pangganyak |

Ang Canada-Ontario Business Service Centre (COBSC/CSECO) ay nagbibigay ng impormasyon ukol sa pagnenegosyo sa Ingles at Pranses, ang mga opisyal na wika sa Canada. Ang mga kopya ng ilan sa aming mga pinaka-makakatulong na dokumento ay isinalin sa ibang mga wika. Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon sa pagnenegosyo, mangyaring tumawag sa 1-888-576-4444 upang makausap ang isang COBSC/CSECO Information Officer.